**SO WHAT** *What is the relevance of the Word to my life?*

- Papaano ka ba lumalapit sa Diyos? Anong mga pag-iisip ang sa tingin mo ay kailangang baguhin upang makalapit ka sa Diyos ng may lakas ng loob?
- Naging nakabukod ka ba sa iyong buhay espirituwal? Sinu-sino sa iyong simbahan ang maaari kang pagsabihan at kumportable kang magsabi ng saloobin?
- Sa mga taon ng iyong pagsunod sa Diyos, sa kaninong pangalan ka lumalapit sa Diyos?

**NOW WHAT** *How do I apply the Word to my life?*

- Papaano nakakatulong sa iyo at sa iba ang pakikilahok sa *Victory group* na iudyok ang bawat isa na lumapit sa Diyos ng may lakas-loob?
- Kapag nakakaramdam ka ng kakulangan sa paglapit sa Diyos, ano ang dapat mong tandaan? Sino ang makakatulong sa iyo na lumapit sa Diyos ng may lakas-loob tulad ng gusto Niyang gawin mo?
- Sinu-sino ang mga alam mo ay kailangang makasali sa isang espirituwal na komunidad? Papaano mo sila mahihikayat na sumali sa isang *Victory group?*

## PRAYER

- Hilingin sa Diyos na linisin ang inyong mga puso at isipan upang makalapit ka sa Kanya ng may tamang batayan.
- Manalangin na iugnay kayo ng Diyos sa isang espirituwal na pamilya at palakasin ang inyong mga ugnayan habang sabay-sabay ninyong isinasapamuhay ang Kristiyanismo.
- Ipanalangin ang mga nangangailangan na magkaroon ng ugnayan sa Diyos at humiling ng pagkakataon upang maibahagi sa kanila ang Magandang Balita.

VICTORY

**Honor God. Make Disciples.**

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO



# LETUS

## Lapitan ang Diyos

Week 1

**NOTES**

## CONNECT

- Kapag may kinakaharap kang pagsubok, hinaharap mo ba ito ng mag-isa o mas gusto mong may kasama ka? Bakit?
- Aling mga sitwasyon ang pinapalagay mong mas mainam na may umako para sa iyo?
- Anong mga kalagayan ang mas mainam na harapin ng sama-sama? Paano naman kung mag-isa?

## WORD

**[14]Kaya panghawakan nating mabuti ang pinaniniwalaan natin dahil mayroon tayong dakilang punong pari na pumasok sa kalangitan, na walang iba kundi si Jesus na Anak ng Diyos. [15]Nadarama rin ang ating punong pari ang lahat ng kahinaan natin, dahil naranasan din niya ang lahat ng pagsubok na dumarating sa atin, pero hindi siya nagkasala. [16]Kaya huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng maawaing Diyos para matanggap natin ang awa at biyayang makakatulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.**

**Hebreo 4:14-16**

## WHAT

*What does the Bible say?*

Ang Kristiyanismo ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng isang personal at masidhing debosiyon sa Panginoong Jesu-Cristo. Subalit kalakip din nito ang konsepto ng pagkakaroon ng isang espirituwal na pamilya. Makikita natin sa Kasulatan na ang paghahanap ng palakasloob at panuto at pamumuhay sa pananampalataya ay laging nasa konteksto ng espirituwal na komunidad. Papaano ngayon tayo lalapit sa Diyos ngayong alam na natin ito?

- **Lapitan natin ang Diyos na kasama ang ibang mga nananampalataya.**

  *Huwag nating pababayaan ang mga pagtitipon natin gaya ng nakaugalian na ng ilan. Sa halip, palakasin natin ang loob ng bawat isa, lalo na ngayon nalalapit na ang huling araw.*

  Hebreo 10:25

  Ang pariralang "tayo na" ay isang panawagan sa atin na makilahok sa isang komunidad. Hindi tayo tinawag upang mamuhay sa espirituwal na pagkabukod. Makikita sa buong Kasulatan ang panawagan sa atin upang maging bahagi ng isang komunidad ng mga mananampalataya. Malinaw na tinuturo nito na dapat ay isapamuhay natin ang pananampalataya nang magkakasama, at hindi yung kahit hindi natin gusto. Sinu-sino ang mga taong kinikilala mo bilang iyong espirituwal na komunidad?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

- **Lapitan natin ang Diyos ng may lakas ng loob.**

  *Kaya huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng maawaing Diyos para matanggap natin ang awa at biyayang makakatulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.*

  Hebreo 4:16

  Sa kontekstong Griyego, ang mga mamamayan lamang ang may kalayaan at lakas ng loob na ihayag ang kanilang kaisipan. Ang isang alipin ay walang ganitong kalayaan dahil napapasailalim sila sa isang amo. Ngunit bilang mga Kristiyano, hindi tayo naglilingkod sa isang kapritsosong amo kundi sa isang mapagbigay na Diyos na tinatanaw tayo bilang mga iniligtas ni Jesus kapag nilapitan natin Siya. Papaano natin lalapitan ang Diyos ng may lakas-loob?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

- **Lapitan natin ang Diyos ng may tamang batayan.**

  *Nadarama rin ang ating punong pari ang lahat ng kahinaan natin, dahil naranasan din niya ang lahat ng pagsubok na dumarating sa atin, pero hindi siya nagkasala.*

  Hebreo 4:15

  Ang tanging dahilan kung bakit tayo nakakalapit sa Diyos ng may lakas ng loob ay si Jesus, ang ating Punong Pari. Ang mga punong pari noong Lumang Tipan ay kumakatawan sa mga mamamayan sa harap ng Diyos. Nakakalapit tayo sa Diyos hindi dahil sa ating sariling karapatan kundi dahil gumawa si Jesus ng daan upang maibalik tayo sa pakikipag-ugnayan sa Diyos dahil sa ganap na gawa Niya sa krus. Bakit natin mapagkakatiwalaan si Jesus bilang Punong Hari?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________